Pangalan: ___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Bugtong, Salawikain, Sawikain, at Kasabihan

I. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na bugtong. Isulat sa loob ng talahanayan ang tamang sagot.

| Bugtong | Sagot |
|---|---|
| 1. Pasuot-suot, dala-dala ang gapos. | |
| 2. Mapa-langit, mapa-lupa, ang daho'y nananariwa. | |
| 3. Sariling-sarili mo na, ginagamit pa ng iba. | |
| 4. Nakatitindig nang walang paa, may tiyan, walang bituka. | |
| 5. Nabunot ang bahay, haligi'y naiwan. | |

**II. Panuto:** Piliin sa loob ng kahaon ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| tugma | sukat | kagandahan | diwa | bugtong | salawikain | sawikain | kasabihan |

_______________1. Kalinangang pamana mula sa ating mga ninuno. Ito ay nagtataglay ng sukat, tugma, at talinghaga.

_______________2. Tumutukoy sa magkakatulad na tunog ng mga dulong salita sa taludtod.

_______________3. Tumutukoy sa bilang ng pantig sa taludtod.

_______________4. Ang ________ ng talinghaga ang nagbibigay ng pahiwatig kung ano ang bagay na pinahuhulaan.

_______________5. Paghabi ng talinghaga na naglalarawan sa bagay o ano pa mang pinahuhulaan.

**III. Panuto:** Isulat sa patlang ang salitang **Tama** kung wasto ang diwa ng pangungusap at **Mali** naman kung hindi wasto.

______ 1. Ang bugtong, salawikain, kasabihan, at sawikain ay mga karunungang-bayan.

______ 2. Ang "naligo ang kapitan, hindi nabasa ang tiyan" ay halimbawa ng bugtong.

______ 3. Ang "walang umaani ng tuwa, na hindi sa hirap nagmula" ay halimbawa ng bugtong.

______ 4. Ang sukat ay bilang ng pantig sa isang taludtod.

______ 5. Ang kagandahan ay paghabi ng talinghaga na naglalarawan sa bagay o ano pa mang pinahuhulaan.